Welcome sa San Francisco Superior Court
Unified Family Court

Malapit nang magsimula ang pagdinig. Pakitandaan:

Huwag i-record ang pagdinig sa anumang paraan.

Ipinagbabawal ang anumang pag-record sa isang paglilitis sa hukuman, pati ang mga screen shot o iba pang pagkopya sa visual o audio ng pagdinig. Ang anumang paglabag ay nahahatulan hanggang sa sukdulang pinapahintulutan ng batas, kasama ang, pero hindi limitado sa, mga multang hanggang $1,000, pagbabawal na pumunta sa mga pagdinig sa hinaharap, o iba pang parusang naaangkop para sa Hukuman.

1. Kapag nagsimula ang pagdinig, ikaw ay imu-mute. **HUWAG I-UNMUTE** ang iyong sarili hangga't hindi tinatawag ng hukom ang iyong kaso.

2. Tiyaking ganap na naka-charge o nakasaksak ang iyong device para hindi ka mawalan ng baterya.
3. Para sa magandang koneksyon kung nagla-log in ka sa bahay, tiyaking hindi nagsi-stream ang ibang miyembro ng sambahayan sa oras ng iyong pagdinig.
4. Dapat gawin ng mga remote na kalahok ang lahat ng kanilang makakaya para walang makita o marinig na abala sa panahon ng kanilang pagdinig.
5. Maghanap ng isang tahimik at pribadong lokasyon para maiwasan ang ingay sa background. Sa kahit anumang sitwasyon, hindi maaaring tumawag ang isang remote na kalahok mula sa isang umaandar na sasakyan.
6. Kung nagla-log in sa bahay, tiyaking walang ibang miyembro ng sambahayan (lalo na ang mga bata) ang nakikita o naririnig sa tawag.